

Ano ang Negosyo sa Pag-aalaga ng Bata?

Kasama sa mga negosyo sa pag-aalaga ng bata ang mga maliliit na tahanan, mga malalaking tahanan, at mga sentro ng pag-aalaga ng bata na nagbibigay ng pangangalagang hindi medikal para sa mga batang wala pang 18 taong gulang, nang hindi lalampas sa 24 na oras.

Mga Tahanan ng Pag-aalaga ng Bata

Magbigay ng pangangalaga para sa mga batang wala pang 18 taong gulang sa tahanan ng tagapagbigay ng serbisyo, kabilang ang sinumang mga bata na naninirahan sa bahay, at mauuri bilang alinman sa isang malaki o maliit na tahanan ng pangangalaga ng bata. Ang isang maliit na tahanan para sa pag-aalaga ng bata ay may pinakamataas na kapasidad na 8 bata; Ang mga malalaking bahay para sa pag-aalaga ng bata ay may pinakamataas na kapasidad na 14 na bata. Ang pagpapatakbo ng pag-aalaga ng bata sa tahanan ay maaaring mangailangan ng:

- Isang [Family Child Care Home License](#) (Lisensya sa Pag-aalaga ng Bata sa Tahanan) sa Estado ng CA
- Isang [fire safety clearance](#) mula sa Fire-Rescue Kagawaran ng Pagbabawas ng Panganib sa Komunidad (para sa pag-aalaga ng bata sa malalaking tahanan)
- Isang [Building Permit at Fire Permit \(Permiso sa Pagpapatayo at Permiso sa Sunog\)](#) para sa anumang mga pagbabago sa tahanan
- Alinsunod sa SB234, epektibo simula 1/1/20, ang mga lungsod/county ay hindi maaaring mangailangan ng lisensya sa negosyo o zoning permit para sa maliit o malaking tahanan ng pag-aalaga sa bata.



Mga Sentro ng Pag-aalaga ng Bata

Nagbibigay ng pangangalaga para sa anumang bilang ng mga batang wala pang 18 taong gulang sa anumang pasilidad na hindi isang tahanan ng pag-aalaga sa bata. Para magpatakbo, maaaring kailanganin ng isang sentro ng pag-aalaga ng bata ang:

- Isang [California Child Care Center License](#) mula sa Estado
- Isang [fire safety clearance](#) mula sa Fire-Rescue Dibisyon ng Pagbabawas ng Panganib sa Komunidad ng Kagawaran

- Isang [Business Tax Certificate](#) (Sertipikasyon ng Buwis sa Negosyo) mula sa Lungsod
- Isang [building permit at fire permit](#) (permiso sa pagpapatayo o sunog) mula sa Lungsod para sa anumang mga pagbabago sa pasilidad
- Isang [Conditional Use Permit \(CUP\) \(Pansamantalang Permiso sa Paggamit\)](#) ay maaaring kailanganin sa ilang partikular na sona

Mga Regulasyon sa Pagpapatakbo ng Pag-aalaga ng Bata

Kinokontrol ng Lungsod ng San Diego ang mga sentro ng pag-aalaga ng bata bilang mga komersyal na serbisyo, at mayroong iba't ibang mga permiso at proseso na kinakailangan, depende sa sona (uri ng lokasyon) kung saan pinapatakbo ang pasilidad. Sa karamihan ng mga komersyal na sona, ang mga sentro ng pag-aalaga ng bata ay pinahihintulutan ng may limitadong paggamit (tingnan ang [Municipal Code, 141.0606](#)). Sa karamihan ng mga residensyal na sona, kinakailangan ang Conditional Use Permit o CUP (Pansamantalang Permiso ng Paggamit). Ang mga pag-apruba para sa mga CUP ay base sa pagpapasya ng isang tagapasya ng Lungsod pagkatapos ng proseso ng pagsusuri at maaaring mangailangan ng pampublikong pagdinig. (Mula nang maipasa ang SB234, epektibo noong Enero 2020, walang permiso sa pagsosona o mga bayarin ang maaaring kailanganin ng isang lungsod o county para sa maliit o malaking mga tahanan ng pan-aalaga sa bata.)

Child Care Centers in Neighborhoods

(Mga Sentro ng Pag-aalaga ng Bata sa Mga Kapitbahayan)

Ito ay mahalaga: Ang pagsunod sa mga regulasyon para sa lokasyon ng pasilidad, trapiko at sirkulasyon, paradahan at sona ng paghahatid, disenyo ng lugar at bukas na espasyo, bilang ng mga bata na iminungkahi, kontrol sa ingay, at pagpapatakbo ng pasilidad ay makakatulong upang makamit ang sukat ng pagiging tugma sa nakapalibot na kapitbahayan. Asahan na magsumite ng plano sa pagpapatakbo at pamamahala na nagpapakita at nagbibigay ng mga detalye sa mga aspetong ito ng iyong prospektibong sentro sa panahon ng proseso ng permiso.

Getting Help with Regulations and Permits

(Pagkuha ng Tulong sa Mga Regulasyon at Pahintulot)

Bago ka mamuhunan sa isang negosyo sa pag-aalaga ng bata, makipag-ugnayan sa mga sumusunod na eksperto na makakatulong sa iyong maunawaan ang mga kinakailangan, gastos, at daan patungo sa matagumpay na paglulunsad ng iyong negosyo:

- Makipag-usap sa kawani sa [Community Care Licensing \(CCL\)](#) Paglilisensya sa Pangangalaga ng Komunidad
- Humingi ng walang bayad na tulong mula sa [Economic Development department](#) ng Lungsod
- Mag-iskedyul ng [Virtual Counter appointment](#) sa mga kawani sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Pagpapaunlad ng Lungsod upang matutunan ang tungkol sa mga naaangkop na regulasyon sa pagsosona at pagpapatayo ng gusali. Kumonsulta sa mga propesyonal na nagdidisensyo na may karanasan sa [pagdidisensyo ng mga sentro ng pag-aalaga ng bata](#)

Fees and Processing Time

(Mga Bayarin at Oras ng Pagproseso)

Ang mga bayarin na maaaring nauugnay sa isang negosyo sa pag-aalaga ng bata ay makikita sa mga link na ipinapakita sa ibaba. Ang haba ng pagpoproseso para sa Conditional Use Permit (Permisong Kondisyonal na Paggamit) na naproseso sa Development Services Department (Kagawaran ng Serbisyo sa Pag-unlad) ay karaniwang tumatagal ng anim hanggang siyam na buwan upang maproseso mula sa petsa na inihain ang aplikasyon. Maaaring mag-iba ang haba ng pagproseso ng permisong pagtatayo ng gusali sa DSD. Mag-klik [dito](#) upang tingnan ang karaniwang tagal ng pagpermiso sa DSD.

Mga Bayarin sa Lungsod at CCL

- Sertipiko ng Buwis ng Negosyo - [Mga Bayad at Bayarin](#)
- Mga Bayarin sa Permisong Pag-unlad (kabilang ang Permisong Kondisyonal na Paggamit) - [Buletin ng Impormasyon 503](#)
- Mga Bayarin sa Permisong Pagpapatayo - [Bulletin ng Impormasyon 501](#)
- Paglilisensya sa Pangangalaga ng Komunidad - [Mga Bayarin](#)



More Help with your Child Care Business

(Higit pang Tulong sa iyong Negosyo sa Pag-aalaga ng Bata)

Bago ka mamuhunan sa isang negosyo sa pag-aalaga ng bata, makipag-ugnayan sa mga sumusunod na eksperto na makakatulong sa iyong maunawaan ang mga kinakailangan, gastos, at landas patungo sa matagumpay na paglulunsad ng iyong negosyo:

- Child Care Technical Assistance Project (Proyekto sa Teknikal na Tulong sa Pag-aalaga ng Bata), [Alamin kung paano magsimula ng negosyo sa pag-aalaga ng bata](#)
- YMCA Childcare Resource Service (Serbisyonag Mapagkukunan ng Pag-aalaga ng Bata ng YMCA), [Pag-aalaga ngBata Inisyatiba na Proyekto](#)
- Child Care Law Center (Sentrong Batas ng Pag-aalaga ng Bata), [Para sa mga tagapagbigay ng pag-aalaga sa bata](#)

Mga Mapagkukunan

City of San Diego, Development Services Department

619-446-5000

www.sandiego.gov/dsd

[Use Permit Application Package](#)

City of San Diego, Economic Development Department

619-236-6700

<https://www.sandiego.gov/economic-development/>

City of San Diego, Fire-Rescue Department

619-533-4300

<https://www.sandiego.gov/fire>

[Fire Inspections](#)

[Mga Pahintulot sa Sunog](#)

Sangay ng Paglilisensya sa Pag-aalaga ng Komunidad

<https://www.cdss.ca.gov/inforesources/child-care-paglilisensya>

San Diego Regional Office 20

7575 Metropolitan Dr., Suite 110, MS 29-20 San

Diego, CA 92108-4421

(619) 767-2200, Fax (619) 767-2203